* Ang leaflet na ito ay nagpapaliwanag sa paglalapat ng pagbabawas para sa pangangalaga hanggang sa Disyembre 2022.

（フィリピノ語版）

# Para sa Gustong Tumanggap ng Pagbabawas Gaya ng Pagbabawas Para sa Pangangalaga Para sa Kamag-anak na Hindi Residente

Oktubre 2015

(Nirebisa noong Enero 2018)

National Tax Agency

Sa paggawa ng withholding mula sa suweldo, atbp. at proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon, kung ang residente na tumatanggap ng suweldo, atbp. ay mag-aaplay sa pagbabawas para sa pangangalaga, atbp. (pagbabawas para sa pangangalaga, pagbabawas para sa kabiyak, espesyal na pagbabawas para sa kabiyak, o pagbabawas para sa taong may kapansanan) para sa kamag-anak na hindi residente, kailangan niyang isumite o ipakita sa taong nagbabayad ng suweldo, atbp. ang "mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak" at "mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera" ayon sa tsart sa ibaba.

| Proseso | Pagbabawas na gusto mong tanggapin | Mga dokumentong kailangan | Panahon ng pagsumite |
|---|---|---|---|
| Paggawa ng withholding mula sa suweldo, atbp. | Pagbabawas para sa kabiyak na kuwalipikado sa withholding na pagbabawas, pagbabawas para sa pangangalaga, o pagbabawas para sa taong may kapansanan | Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak | Sa panahon ng pagsumite ng application form para sa pagbabawas para sa pangangalaga, atbp. |
| Proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon para sa suweldo, atbp. | Pagbabawas para sa pangangalaga o pagbabawas para sa taong may kapansanan | Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera | Sa panahon ng proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon |
| | Pagbabawas para sa kabiyak o espesyal na pagbabawas para sa kabiyak | Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak(Paalaala) at mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera | Sa panahon ng pagsumite ng application form para sa pagbabawas para sa kabiyak, atbp. |

(Paalaala) Kapag naisumite o naipakita na ang mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak para sa kabiyak na hindi residente sa panahon ng pagsusumite ng application form para sa pagbabawas para sa pangangalaga, atbp., hindi kailangang isumite o ipakita ang mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak.

Kung gustong tumanggap ng pagbabawas para sa pangangalaga, atbp. para sa kamag-anak na hindi residente sa proseso para sa tax return, kailangan mong ilakip sa application form para sa tax return ang "mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak" at "mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera", o ipakita ang mga iyon sa panahon ng pagsusumite ng application form para sa tax return. Pero, hindi ito kailangang gawin kapag naisumite o naipakita na ang mga dokumentong iyon sa taong nagbabayad ng suweldo, atbp.

## ◎ Ano ang "Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak"?

Ang "Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak" ay tumutukoy sa alinman ng dokumento (i) o (ii) sa ibaba (kailangan din ng pagsasalin sa Wikang Japanese) na nagpapatunay na ang kamag-anak mong iyon na hindi residente ay totoong kamag-anak mo.

(i) Kopya ng supplementary family register o ibang dokumentong inilabas ng Japan o lokal na awtoridad, at kopya ng passport ng kamag-anak na iyon na hindi residente

(ii) Dokumentong inilabas ng gobyerno ng ibang bansa o lokal na awtoridad ng bansang iyon (kailangang nakalagay diyan ang pangalan, petsa ng kapanganakan, at address o tinitirahan ng kamag-anak na iyon na hindi residente.)

[Mahahalagang paalaala]

○ Kasali sa dokumentong inilabas ng gobyerno ng ibang bansa o lokal na awtoridad ng bansang iyon ang family register, dokumentong nagpapatunay sa kapanganakan, dokumentong nagpapatunay sa pag-aasawa, atbp.

○ Kapag ang isang dokumento lang ay hindi naglalagay ng lahat sa pangalan, petsa ng kapanganakan, address, at tinitirahan ng kamag-anak na iyon na hindi residente, o hindi puwedeng magpatunay na ang kamag-anak mong iyon na hindi residente ay totoong kamag-anak mo, kailangan mong magpatunay sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga dokumento.

○ Kasali sa kamag-anak na makakatanggap ng pagbabawas para sa pangangalaga, atbp. ang kamag-anak sa dugo hanggang sa ika-6 degri, kabiyak, at kamag-anak sa pag-aasawa hanggang sa ika-3 degri.

## ◎ Ano ang "Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera"?

Ang "Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera" ay tumutukoy sa mga dokumento sa ibaba (kailangan din ng pagsasalin sa Wikang Japanese) na nagpapatunay na nagpadala ka ng pera para sa gastusin sa buhay o sa pagtanggap ng edukasyon ng kamag-anak na iyon na hindi residente.

(i) Mga dokumentong inilabas ng pinansyal na institusyon o mga kopya nito na nagpapatunay na nagpadala ka sa kamag-anak na hindi residente sa pamamagitan ng palitan ng salapi sa transaksiyon na ginawa ng pinansyal na institusyong iyan.

(ii) Mga dokumentong inilabas ng kompanya ng credit card o mga kopya nito na nagpapatunay na ang kamag-anak na hindi residente ay bumili ng mga bagay o tumanggap ng serbisyo gamit ang credit card na ibinigay ng kompanya ng credit card, at na tumanggap o tatanggap siya mula sa iyo ng perang katumbas ng halagang iyon.

[Mahahalagang paalaala]

- ○ Kasali sa mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera ang mga sumusunod.

  Pakisuyong alalahanin na hindi ka makakatanggap ng pagbabawas para sa pangangalaga, atbp. kapag ibinibigay mo sa kamag-anak na hindi residente ang gastusin sa buhay, atbp. sa cash sa pamamagitan ng iyong kakilala, dahil sa kasong ito wala ang dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera.

  (i) Kopya ng request form para sa pagpapadala ng pera sa ibang bansa

  * Kailangan mong isumite ang kopya ng request form para sa pagpapadala ng pera sa ibang bansa, ng taong iyon.

  (ii) Credit card statement

  *1 Ang credit card statement ay tumutukoy sa statement may kinalaman sa credit card na ginawa mo ang kontrata sa kompanya ng credit card na iyon, ginawa para sa paggamit ng kamag-anak na hindi residente, at ikaw ang magbabayad para sa paggamit nila (o tinatawag na family card). Sa kasong ito, ituturing ang statement na iyon bilang mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera may kinalaman sa kamag-anak na hindi residente na nagiging cardholder ng family card.

  2 Ang credit card statement ay magsisilbing mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera para sa taon kung kailan ginamit ang credit card na iyan.

- ○ Kung gustong tumanggap ng pagbabawas para sa pangangalaga, atbp. para sa mahigit dalawang kamag-anak na hindi residente, kailangan mong ipadala ang pera para sa bawat kamag-anak na iyon.

  Kaya, bilang halimbawa, kapag ang kabiyak at anak mo ay mga kamag-anak na hindi residente, at saka nagpapadala sa kabiyak mo nang isahan ng pera para sa gastusin sa buhay, ang mga dokumentong iyan na may kaugnayan sa pagpapadala ng pera ay magagamit mo bilang mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera para sa kabiyak mo, pero hindi bilang mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera para sa anak mo.

- ○ Tungkol sa mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera, kailangan mong isumite o ipakita ang lahat ng dokumento para sa pagpapadala ng pera, atbp. sa taon na para dito gusto mong tumanggap ng pagbabawas para sa pangangalaga, atbp.

  Pero, kapag nagpadala ka ng pera, atbp. sa parehong kamag-anak na hindi residente nang 3 beses o higit pa sa isang taon, sapat na isumite lang ang statement na nakalagay ang itinalagang mga bagay at isumite o ipakita ang mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera sa panahon ng una at huling pagpapadala ng pera, atbp. sa kamag-anak na iyan na hindi residente, at hindi mo kailangang isumite o ipakita ang iba pang mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera.

Ang leaflet na ito ay inihanda batay sa itinatala sa mga batas may kinalaman sa Income Tax Act, atbp. noong Enero 1, 2018.